



Vancouver Board of Education

School District No. 39

OFFICE OF THE SUPERINTENDENT

1580 West Broadway

Vancouver, B.C. V6J 5K8

Telephone: 604-713-5000

Fax: 604-713-5412

Ika-6 ng Enero, 2017

Mga Mahal na Magulang na may Grades 4 at 7 na estudyante:

Ang *Foundation Skills Assessment (FSA)* ay taunang provincial assessment na isinasagawa sa mga classrooms ng mga mag-aaral sa grade 4 at 7 sa kabuuan ng *British Columbia* mula January 9 hanggang February 2017. Mga mahahalagang impormasyon ukol sa *FSA* ay mababasa sa likod ng sulat na ito. Para sa karagdagang impormasyon, sumangguni sa *Ministry of Education provincial website* (<http://www.bced.gov.bc.ca/assessment/fsa/info/welcome.htm>). Dito matatagpuan ang mga detalyadong aspeto ng assessment, ang gamit nito, gayundin ang *sample tests* na maaaring pagsanayan.

Inaasahan ng *Ministry of Education* na lahat ng mga mag-aaral ay lumahok sa assessment. Ang magiging resulta ay hindi gagamitin para sukatin ang kakayanan nang indibidwal na mag-aaral, kundi upang magsilbing *provincial snapshot* na magbibigay ng impormasyon sa kakayahan ng mga mag-aaral ng *British Columbia* sa **kabuuan**. Pinahihintulatang hindi magtest ang isang mag-aaral kung may *family emergency*, pangmatagalang karamdaman o iba pang bagay-bagay tulad ng kakulangang ng eksperensiya sa wikang Ingles o iba pang *learning difficulties* o kahinaan sa pag-aaral.

Maaaring kayong makatanggap ng liham mula sa guro ng inyong anak na bumabalangkas sa kanilang pagkabahala ukol sa *FSA*. Maaaring makatanggap rin kayo ng karagdagang impormasyon mula sa *British Columbia Teachers' Federation (BCTF)* na tumututol o kumontra sa pagbibigay ng assessment.

Kung mayroon kayong tanong ukol sa material na ito, o sa pagpapatupad ng *FSA* sa inyong paaralan at kung ano ang implikasyon nito sa inyong anak, huwag mag-atubiling tawagan ang inyong principal o vice-principal.

Sumasainyo,

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'John Lewis'.

John Lewis

Superintende ng mga Paaralan (*Acting/Pansamantala*)

Cc: *Official Trustee*, Dianne Turner